# Paghilom sa Dagat ng Lungkot

*Christine Marie Magpile*
*clmagpile@up.edu.ph*

## Sestina ng Paglayag

Hindi ko napansing wala na ang ngiti.
Luha'y pinunasan, ikinubli'ng lungkot.
Anong klaseng ina ba ako sa anak?
Ikaw ay hiniling, sumamo sa langit.
Pa'no tatanggapin . . . puso'y di payapa.
Sana ay nakita, lumisang liwanag.

Mag-isa sa dilim, hanap ay liwanag.
Pighati'y nilamon, naglaho ang ngiti.
Ngayong nakahimlay, sana ay payapa.
Sa kabilang buhay, mapapawi'ng lungkot.
Ang pait sa lupa, ligaya sa langit.
Sa 'yong pagdurusa, paumanhin, anak.

Di ko mapigilang sa burol ng anak,
Tumangis sa sakit . . . pinili'ng liwanag.
Ako ay nilisan. Pagdating sa langit,

Sana'y maalalang matamis ang ngiti.
Sa gabing malamig, karamay ang lungkot.
Dating hinehele, ngayon ay payapa.

Ngunit ba't may kirot? Alam kong payapa
Na ang iyong lagay. Paglibing sa anak,
Malaking bangungot. Walang-hanggang lungkot.
Kinaroroonan, batis ng liwanag.
Dagok man sa akin, alaalang ngiti'y
Mapapawi nito. Tiwasay sa langit.

Malupit sa mundo, mabuti sa langit.
Walang mang-aapi, magiging payapa.
Kung nangungulila, larawang may ngiti
Ito ang hahagkan. Miss na kita, anak.
Bakante mong silid, andap ang liwanag.
Taon ma'y lumipas, nariyan ang lungkot.

Balewala'ng yaman. Di mabura'ng lungkot.
Mayakap kang muli, hiling ko sa langit.
Sa kama'y humiga, bumaba'ng liwanag.
Wala na ang bigat. Batid kong payapa
Ang 'yong kalagayan. Ngunit sana, anak,
Hindi ka sumuko. Babalik ba'ng ngiti?

Loob ko'y may lungkot, wala ang payapa.
'Pagkat itong langit, kinuha ang anak.
Lamlam nang liwanag, mapait ang ngiti.

## Titik ng Dagat

Sumulat ako sa iyo, anak,
Sa baybayin ng alaala,
Kung saan ang dagat ay humihinga
Ng mga lihim ng lungkot.

Ang bawat alon ay sugat,
Ngunit sa pagbalik nito sa pampang
May kasamang paghilom,
Pagpapaalala na ang sakit
Ay natutunaw sa pagdaloy ng panahon.

Sumulat ako sa iyo, anak,
Gamit ang panulat na tila sagwan,
Na humahati sa dagat ng dilim
Upang maabot ang pulo ng pag-asa.

Ang tinta ay parang tubig-alat,
Maalat sa luha,
Ngunit nagiging gamot
Kapag isinulat sa papel ng pag-ibig.

Ikaw ang liwanag sa dulo ng dalampasigan,
Ang bituin na gabay sa marinong pagod.
Sa iyo ko iniiwan ang panulat,
Sandata ng kapayapaan,
Na kayang baguhin ang agos
Ng kasaysayan at damdamin.

Sumulat ka ng mga kuwento, anak,
Na gaya ng dagat,
Kayang hugasan ang sama-ng-loob,
Kayang punasan ang bawat luha.

At sa bawat pagsulat mo,
Nawa'y marinig mo ang awit ng dagat—
Hindi na sigaw ng lungkot,
Kundi himig ng paghilom.

## Sandata ng Paghilom

Sa bawat putok, sa bawat pagsabog,
Pangamba'y parang alon na walang humpay.
Nanalangin ako sa katahimikan ng gabi,
Na sana'y ligtas siya sa unos ng digmaan.

Dumating ang balitang kinatatakutan,
Ang anak ko'y lumisan sa larangan ng tapang.
Sa halip na galit, luha'y naging dasal,
Karangalan niyang iniwan, gabay sa aking pagbangon.

Ang sandata kong minsang nagdala ng kamatayan,
Ngayo'y hawak bilang tanda ng alaala.
Hindi na pangwasak, kundi pangbantay,
Liwanag sa dilim, lakas sa gitna ng lumbay.

Sa dagat ng lungkot na walang hanggan,
Natutuhan kong lumangoy sa alon ng paghilom.
Ako ay ama na muling natutong mabuhay,
Kahit sa dagat ng lungkot, kahit sa sugat ng digmaan.